

Papaano akong magsasagawa ng ṣalāh?

**Isinalarawang Pagpapaliwanag Para sa
Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh Kasama
ng mga Saloobin sa Dakilang Pagsambang Ito**



Papaano akong magsasagawa ng ṣalāh?

**Isinalarawang Pagpapaliwanag Para sa
Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh Kasama
ng mga Saloobin sa Dakilang Pagsambang Ito**



ح) جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة ، ١٤٤٥ هـ

مركز أصول

سلسلة يومي الأول في الإسلام (٢): كيف أصلي: شرح مصور لكيفية الصلاة مع وقفات مع هذه الشعيرة العظيمة باللغة التجالوج. / مركز أصول - ط ١. - الرياض ، ١٤٤٥ هـ

٥٠ ص؛ ١٤.٨ x ٢١ سم

رقم الإيداع: ١٤٤٥/٢٤٨٥٧

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٤٣٨-٤٤-٢



- Nagsagawa ang Sentro ng Paghahanda at Pagdidisenyo ng Lathalaing Ito
- Pinapayagan ng Sentro ang Pag-imprinta at ang Paglalathala sa Anumang Kaparaanan Kalakip ng Pagpapanatili ng Pagtukoy sa Pinagkunan at Hindi Pagpapalit ng Nasa Teksto.
- Sa Kalagayan ng Pag-iimprinta, Kinakailangan ang Magpanatili sa mga Pamantayan ng Kalidad na Sinusunod ng Osoul Center.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa ngalan ni Allāh, ang Mahabagin,
ang Maawain

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at ukol sa mag-anak niya at mga Kasamahan niya sa kalahatan. Sa pagsisimula,

Ang Islām ay Relihiyon ng paggawa ng maganda at ito ay nakatayo sa kagandahan ng ugnayan sa pagitan ng tao at Panginoon at ng tao at mga tao.

Kabilang sa pinakadakila sa magiging kaugnayan sa pagitan ng tao at Panginoon niya ang ṣalāh. Ito ay isang dakilang pagsamba, na tumatayo rito ang Muslim sa harapan ni Allāh (napakataas Siya) para sumamba sa Kanya sa paraang ipinag-utos Niya, umalaala sa Kanya nang may pagdakila at pagpipitagan, at dumalangin sa Kanya nang may pag-ibig, pangamba, at pag-aasam.

Ang ṣalāh ay may mga dakilang kainaman sapagkat ito ay ang ikalawa sa mga haligi ng Islām, ang pinakamainam sa mga gawain matapos ng Dalawang Pagsaksi, at kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso.

Nag-aangat si Allāh sa pamamagitan nito ng mga antas at nagbaba Siya sa pamamagitan nito ng mga kamalian at mga masagwang gawa. Sa pamamagitan ng paglalakad patungo roon, itinatala ang mga



magandang gawa. Sa tuwing pumupunta o humahayo ang Muslim sa masjid para magsagawa ng ṣalāh, tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay naghahanda para sa kanya ng tahanan niya, lugar niya, at pagtanggap sa kanya sa Paraiso.

Ang mga anghel ay dumadalangin sa tagapagsagawa ng ṣalāh hanggat ito ay nasa dasalan niya. Nagpapatawad si Allāh dahil sa ṣalāh ng mga pagkakasala sa pagitan ng isang ṣalāh at ng ṣalāh na susunod dito. Ito ay isang liwanag para sa tagapagsagawa nito sa Mundo at Kabilang-buhay. Mayroon itong mga dakilang kalamangan sa iba pa rito na mga pagsamba. Walang higit na patunay roon kaysa sa pangyayaring ito ay isinatungkulin mula kay Allāh (napakataas Siya) sa Propeta Niya (basbasan Niya at pangalagaan) nang direktahan, hindi sa pamamagitan ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga). Isinatungkulin ito sa langit sa sandali ng paglalakbay ng Isrā' at Mi'rāj, hindi sa lupa. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): **{Bigkasin mo ang ikinasi sa iyo mula sa Aklat at panatilihin mo ang pagdarasal; tunay na ang pagdarasal ay sumasaway sa kahalayan at nakasasama. Talagang ang pag-alaala kay Allāh ay higit na malaki. Si Allāh ay nakaaalam sa anumang niyayari ninyo.}** (Qur'ān 29:45) Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang kahalintulad ng limang ṣalāh ay katulad ng isang ilog na umaagos na masagana sa tabi ng pintuan ng isa sa inyo, na naliligo siya mula rito sa bawat araw ng limang beses.}** Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

Ang mga Nilalaman

Ang Paksa

Ang Bilang ng Pahina

1	Ang Kataimtiman ng Puso at mga Bahagi ng Katawan sa Şalāh	9
2	Ang mga Şalāh na Isinatungkulin	13
3	Ilan sa mga Patakaran sa Şalāh	15
4	Papaano akong magsasagawa ng şalāh?	17
5	Ang mga Tagapawalang-saysay sa Şalāh	32
6	Ang mga di-kanaisnais sa Sandali ng Şalāh	33
7	Ang Şalāh ng Maysakit	35
8	Ang Şalāh ng Manlalakbay	36
9	Ang mga Patakaran na Natatangi sa Babae sa Şalāh	37
10	Mga Tanong Pampagsusuri	40





Ang Kataimtiman ng Puso at mga Bahagi ng Katawan sa Ṣalāh

Ang kataimtiman ay ang espiritu ng ṣalāh. Ito ay sa pamamagitan ng pagdalo ng puso, kabanayaran nito, pagpapakumbaba nito kay Allāh. at hindi pagkakaabala ng isip sa hindi nauukol sa ṣalāh. Namumutawi mula roon ang katiwasayan ng mga bahagi ng katawan at ang hindi paglilikot o pagsasagawa ng mga kilos na hindi bahagi ng ṣalāh.

Ang pagpapabaya sa kataimtiman ay nakababawas sa pabuya ng ṣalāh at maaaring magpasadlak sa kasalanan. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): “Tunay na ang tao ay talagang nagdasal ng dasal na walang itatala para sa kanya mula roon kundi ang ikasampung bahagi nito o ang ikasiyam na bahagi nito o ang ikawalong bahagi nito o ang ikapitong bahagi nito o ang ikaanim na bahagi nito o ang ikalimang bahagi nito o ang ikaapat na bahagi nito o ang ikatlong bahagi nito o ang kalahati nito.” Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.



Kabilang sa nakaalalay sa pagsasakatotohanan ng kataimtiman:



1 Ang pagdalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng pagsasakatotohanan ng kataimtiman;



2 Ang pag-aalis sa isip ng mga pang-abala bago ng ṣalāh;



3 Ang pagpapabango at ang pagsusuot ng naging madali mula sa mga damit na nababagay sa ṣalāh;



4 Ang pagsasagawa ng wuḍū' sa bahay kung naging madali ito at ang pagpapahusay ng wuḍū';



5 Ang paglayo sa mga mabahong amoy at ang pag-aalis ng mga ito mula sa mga kasuutan at bibig;



6 Ang magsimula sa pagkain kapag inihain ito sa oras ng ṣalāh nang sa gayon hindi mabaling ang isip doon sa sandali ng pagsasagawa nito;



Ang hindi pagsasagawa ng ṣalāh kasabay ng isang matinding pangangailangan sa pagtugon sa pangangailangan, bagkus tutugunin ang pangangailangan bago magsagawa ng ṣalāh nang sa gayon hindi masira ang kataimtiman at ang katiwasayan;



Ang paglalakad patungo sa masjid nang may katiwasayan at kahinahunan at ang hindi pagtakbo kahit pa naisagawa ang iqāmah ng ṣalāh, sapagkat ang pagmamadali ay nagpapawatak sa isipan (konsentrasyon);



Ang pagsambit ng mga dhikr na isinasabatas gaya ng panalangin sa paglabas ng bahay, paglalakad patungo sa masjid, at pagpasok sa masjid;



Ang pagsasagawa ng ṣalāh na dalawang rak'ah na sunnah bilang pagbati sa masjid sa sandali ng pagkpasok sa masjid at makatutumbas para rito ang sunnah rātiba;



Ang pagsambit ng dhikr kay Allāh (napakataas Siya) sa sandali ng paghihintay sa iqāmah ng ṣalāh at ang hindi pakikipag-usap sa mga nagdarasal kaugnay sa mga pumapatungkol sa mundo.



Ang mga Ṣalāh na Isinatungkulin

Nagsatungkulin si Allāh (napakataas Siya) sa mga Muslim ng limang ṣalāh sa araw at gabi. Ang mga ito ay nasa mga takdang oras na tinakdaan ng Batas ng Islām. Ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod ay: ang ṣalāh na fajr, ang ṣalāh na ḍuhr, ang ṣalāh na `aṣr, ang ṣalāh na maghrib, at ang ṣalāh na `ishā'. Ang bawat isa sa mga ito ay may tinakdaang bilang ng mga rak`ah, na hindi natutumpak ito kundi sa pamamagitan ng pagsasagawa niyon. Ang bawat isa sa mga ito, gayon din, ay may oras na kinakailangan na isagawa ito roon. Maaaring malaman ang oras sa pamamagitan ng isa sa mga palatandaang nasasaad sa mga ḥadīth ng Propeta. Nakasasapat ang pagkakaalam sa oras sa pamamagitan ng mga relong mapagkakatiwalaan o ng adhān ng mga Muslim para sa bawat oras ng ṣalāh.



Ilan sa mga Patakaran sa Ṣalāh

- 1 Anuman ang gawin ng Muslim na mga kasalanan, hindi maaaring mag-iwan siya ng pagsasagawa ng ṣalāh dahil ang sinumang nag-iwan ng pagsasagawa ng ṣalāh sa kabuuan ay hindi kabilang sa mga Muslim.
- 2 Ang batayang panuntunan ay na ang mga lalaki ay magsasagawa ng ṣalāh sa masjid sa isang jamā`ah (kongregasyon) at ang ṣalāh sa jamā`ah ay higit na mabigat sa pabuya kaysa sa ṣalāh ng munfarid (namumukod). Natutumpak ang ṣalāh sa alinmang lugar na dalisay gaya ng mga bahay, mga daan, at mga ilang.
- 3 Kailangan sa Muslim na magtakip ng `awrah niya at na dumalo sa ṣalāh habang siya ay nasa ṭahārah. Kailangan sa kanya na matuto ng pagsasagawa ng wuḍū' kapag hindi siya nakaalam nito.
- 4 Kapag ang nagdarasal ay imām o munfarid, ang pinakamainam ay na maglagay siya sa harapan niya ng isang sutrah. Ang tinutukoy rito ay isang bagay na gaya ng harang na ilalagay niya sa harapan niya sa pagsasagawa ng ṣalāh nang sa gayon hindi makaabala sa kanya ang sinumang naparaan sa harapan niya.

Dagdag Katuturan: Ang ṭahārah ay sumasaklaw sa wuḍū' at kadalisayan ng katawan at puwesto ng ṣalāh mula sa najāsah (karumihan).

Dagdag Katuturan: Ang katumpakan ng ṣalāh ay may isang bilang ng mga kundisyon, na kabilang sa mga ito ang ṭahārah, layunin, pagharap sa qiblah, pagpasok ng oras, at pagtatakip ng `awrah.









Papaano akong magsasagawa ng ṣalāh?


**Isang praktikal na isinalarawang
pagbibigay-linaw sa pamamaraan ng
pagsasagawa ng ṣalāh.**

Papaano akong magdarasal ng ṣalāh na apatang rak`ah (may apat na rak`ah)?

Isinalarawang Pagpapaliwanag Para sa Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh na Ḍuhr, `Aṣr, at `Ishā

 **1** Ang Pagharap sa Qiblah Ito ay ang dako ng Makkah. Hindi isinasakundisyon na tayo ay maging mga nakadako nang lubusang eksakto sa Ka`bah mismo; bagkus nakasasapat ang pangkalahatang dako yayamang ang nagdarasal ay malayo sa Ka`bah. Tanging kinakailangan ang pagharap sa mismong Ka`bah para sa sinumang nakakikita sa Ka`bah.

 **2** Ang Layunin Padadaluhin-natin ang layunin – nang walang pagbigkas ng dila. Ibig sabihin: Natatalos natin sa pamamagitan ng mga puso natin na tayo ay nagsasagawa ng ṣalāh na dumating ang oras ng pagsasagawa.

 **3** Ang Pagsasagawa ng Takbīratul'ihṛām (Takbīr ng Pagsisimula)

A Mag-aangat tayo ng mga kamay natin nang pantay sa mga balikat o mga tainga, magharap tayo ng mga palad ng mga kamay natin sa qiblah habang nagsasabi tayo ng: “**Allāhu akbar** (Si Allāh ay pinakadakila)”.

B Matapos ng takbīr, ibinibilang na sunnah na ilagay ang kanang kamay natin sa ibabaw ng kaliwang kamay. Ang mga kamay ay nasa dibdib o nasa itaas ng pusod o nasa ilalim ng pusod: alinman doon ang naging higit na madali para sa atin.



Saksihan sa pamamagitan ng pag-swipe sa barcode ng kumpletong pampagtuturong asignatura ng pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh

C Titingin tayo sa nilalapagan ng pagpapatirapa at hindi tayo mag-aangat ng mga paningin natin tungo sa langit at hindi tayo lilingon.



4 Ang Panalangin ng Pagbubukas Magsasabi tayo ng isa sa mga panalangin ng pagbubukas. Kabilang sa mga ito ang sumusunod: **“Allāhumma bā`id baynī wa bayna khaṭāyāya kamā bā`adta bayna –lmashriqi wa-lmaghrib. Allāhumma naqqinī mina –lkhaṭāyā kamā yunaqqa –ththawbu –l`abyaḍu mina –ddanas. Allāhumma –ghsil khaṭāyāya bi-lmā`i wa-ththalji wa-lbarad.** (O Allāh, magpalayo Ka sa pagitan ko at mga kamalian ko gaya ng pagpapalayo Mo sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allāh, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuotan mula sa karumihan. O Allāh, hugasan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.)”



5 Ang Paghiling ng Pagkupkop ni Allāh Ito ay sa pamamagitan ng pagsabi ng: **“A`ūdhu bi-llāhi mina –shshayṭāni –rrajīm.** (Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa isinumpang Demonyo.)”



6 Ang Pagbigkas ng Sūrah Al-Fātiḥah Bibigkas tayo ng Al-Fātiḥah nang āyah sa āyah nang may kataimtiman. Ang Sūrah Al-Fātiḥah ay binubuo ng mga dakilang panalangin. Dahil doon, nagsasabi tayo matapos nito ng “āmīn” na isang panalanging may kahulugang: “O Allāh, tugunin Mo”. Ito ay hindi kabilang sa āyah ng Al-Fātiḥah.




7 Ang Pagbigkas ng Anumang Naging Madali Mula sa Qur`ān Bibigkas tayo matapos ng Al-Fātiḥah ng isang buong sūrah o isang bahagi mula rito.





8 Ang Pagyukod

- A** Mag-aangat tayo ng mga kamay natin nang pantay sa mga balikat o mga tainga habang nagsasabi tayo ng: “Allāhu akbar” habang tayo ay lumilipat mula sa pagkakatindig tungo sa pagyukod.
- B** Maglalagay tayo ng mga palad natin sa ibabaw ng mga tuhod, magbubuka tayo ng mga daliri natin, at magkakapit tayo ng mga ito sa mga tuhod na para bang humahawak tayo sa mga ito.
- C** Magpapanatag tayo sa pagkakayukod natin, magpupuwesto tayo ng likod natin nang tuwid hindi nakabaluktot, at magpupuwesto tayo ng ulo nang kanibel ng likod kaya hindi tayo mag-aangat nito at hindi tayo magtutungo nito.
- D** Maglalayo tayo ng mga braso sa mga tagiliran [ng katawan], at hindi tayo magpapalitaw ng gilid ng pisngi sa pamamagitan ng pagkiling sa isa sa dalawang tagiliran natin.



E Magsasabi tayo ng: “**Subhāna rabbiya –l’āđīm** (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)” nang tatlong beses. Ito ay ang pinakamababa sa pagkakumpleto. Makapagdaragdag tayo kung loloobin natin. Ang nag-iisang pagluluwalhati ay sasapat. Mayroong sarisaring dhikr na maaaring sabihin sa pagkakayukod.



9 Ang Pag-angat Mula sa Pagkakayukod, Mag-aangat tayo ng ulo natin mula sa pagkakayukod at mag-aangat tayo ng mga kamay natin nang pantay sa mga balikat o pantay sa mga tainga. Magsasabi ang nagdarasal, kapag siya ay munfarid (namumukod) sa pag-iisa niya o isang imām sa mga nagdarasal, ng: “**Sami’a –Ilāhu liman ḥamidah** (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)”.

Nasa atin na, matapos ng pag-angat mula sa pagkakayukod, na maglaylay ng mga kamay natin o humawak ng mga ito.





10 Ang Pagtindig Mula sa Pagkakayukod Tutuwid tayo nang patayo habang nagsasabi ng: “**Rabbanā wa-laka –lḥamd**. (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)” Ibinibilang na sunnah ang pagpapatagal ng pagkakatindig matapos ng pagkakayukod at kapanatagan dito.



11 Ang Pagpapatirapa

- (A)** Bababa tayo sa lapag habang tayo ay nagsasabi ng: “**Allāhu akbar**”.
- (B)** Maglalagay tayo ng mga kamay sa lapag bago ng mga tuhod o ng mga tuhod bago ng mga kamay, kung alin sa dalawang ito ang naging higit na madali para sa atin.
- (C)** Magpapatirapa tayo sa pitong buto, na ang mga ito:



- Hindi tayo magwawalang-bahala sa alinman sa mga ito.

- D Magpupuwesto tayo ng mga daliri ng mga kamay nang magkakadikit paharap sa dako ng qiblah. Magpupuwesto tayo ng mga palad nang kapantay ng mga balikat o mga tainga. Magpupuwesto tayo ng dalawang braso nang nakaangat sa lapag.
- E Maglalayo tayo ng dalawang braso buhat sa tagiliran hanggat hindi tayo nagdarasal sa isang konggregasyon at natatakot tayo na makaperhuwiso sa sinumang nasa paligid natin.
- F Magpupuwesto tayo ng mga dulo ng mga paa paharap sa dako ng qiblah, magtutukod tayo ng mga paa, magpapahiwalay tayo nang mga hita, at maglalayo tayo ng tiyan palayo sa mga hita.
- G Magsasabi tayo ng: “**Subhāna rabbiya –l`a`lā** (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)” nang tatlong beses. Ito ay ang pinakamababa sa pagkakumpleto. Makapagdaragdag tayo kung loloobin natin. Ang nag-iisang pagluluwalhati ay sasapat. Magsasarisari tayo ng pagluluwalhating naipaabot.
- H Dadalangin tayo ng naiibigan natin mula sa mga mabuti sa Mundo at Kabilang-buhay.



12 Ang Pag-angat Mula sa Pagkakapatirapa Magsasabi tayo ng: “**Allāhu akbar**” habang tayo ay nag-aangat ng ulo natin mula sa pagkakayukod upang umupo sa pagitan ng dalawang patirapa.





13 Ang Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa

- A** Uupo tayo nang upong iffirāsh: maghihiga tayo ng kaliwang paa, uupo tayo sa ibabaw nito nang napapanatag, at magtutukod tayo ng kanang paa at maghaharap ng mga daliri nito sa qiblah; o magtutukod tayo ng kapwa mga paa at uupo tayo sa dalawang sakong.
- B** Maglalalatag tayo ng mga kamay natin: ang kanan sa ibabaw ng kanang hita at ang kaliwa sa ibabaw ng kaliwang hita sa, tabi ng tuhod o sa ibabaw ng tuhod.
- C** Magsasabi tayo ng: **“Rabbi -ghfir lī, rabbi -ghfir lī.** (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin.)”



14 Ang Pagpapatirapa Magsasabi tayo ng: **“Allāhu akbar”** at bababa tayo tungo sa ikalawang patirapa. Ito ay gaya ng unang patirapa sa pamamaraan at sa sinasabi.





15 Ang Pagtindig Mula sa Pagkakapatirapa Magsasabi tayo ng: **“Allāhu akbar”** habang lumilipat mula sa pagkakapatirapa tungo sa pagtindig.



16 Magsasagawa tayo ng ikalawang rak`ah sa paraang isinagawa natin ang unang rak`ah:

- Maglalagay tayo ng mga kamay sa dibdib, bibigkas tayo ng Al-Fātiḥah, at bibigkas tayo ng isang sūrah o isang bahagi mula rito.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, yuyukod tayo, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos aangat tayo mula sa pagkakayukod tungo sa pagtindig habang tayo ay nagsasabi ng: **“Sami`a –Ilāhu liman ḥamidah.”**
- Pagkatapos tutuwid tayo nang patayo habang nagsasabi ng: **“Rabbanā wa-laka –Iḥamd.”**
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, bababa tayo para sa magpatirapa, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, uupo tayo, at dadalangin tayo ng: **“rabbi –ghrif lī”**.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, magpapatirapa tayo, at magluluwalhati tayo.



- (A) Magsasabi tayo ng: **“Allāhu akbar”** at aangat tayo mula sa pagkakapatirapa. Uupo tayo para sa tashahhud nang upong iftirāsh gaya ng pagkakaupo natin sa pagitan ng dalawang patirapa.
- (B) Maglalagay tayo ng kanang kamay sa ibabaw ng hita kasabay ng pagkuyom ng mga daliri sa kabuuan ng mga ito maliban sa hintuturo saka magtuturo tayo nito sa qiblah o magbibilog tayo ng hinlalaki kasama ng hinlalato at magtuturo tayo ng hintuturo. Hinggil naman sa kaliwang kamay, maaaring maglatag tayo nito sa kaliwang hito magkuyom tayo nito sa tuhod.
- (C) Titingin tayo sa hintuturo sa sandali ng tashahhud.
- (D) Bibigkas tayo ng tashahhud. Ito ay ang pagsabi natin ng: **“Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-rahmatu –llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa –llāh, wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh.** (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at ang mga kaaya-ayang gawain. Ang pagbati ay ukol sa iyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang pagbati ay ukol sa atin at ukol sa mga maaayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)



**18**

Ang Pagtindig Mula sa Tashahhud Tatayo tayo para magsagawa ng ikatlong rak`ah. Mag-aangat tayo ng mga kamay natin nang pantay sa mga balikat o mga tainga habang nagsasabi tayo ng: “Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)”. Magsasagawa tayo ng [ikatlong] rak`ah ayon sa paraang isinagawa natin sa unang rak`ah ngunit tayo ay bibigkas ng Al-Fātiḥah lamang.

- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, aangat tayo, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos aangat tayo mula sa pagkakayukod tungo sa pagtindig habang tayo ay nagsasabi ng: “**Sami`a –Ilāhu liman ḥamidah** (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)”.
- Pagkatapos tutuwid tayo nang patayo habang nagsasabi ng: “**Rabbanā wa-laka –Iḥamd.** (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)”
- Magsasagawa tayo ng takbīr, bababa tayo para sa pagpapatirapa, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, uupo tayo, at dadalangin tayo ng: “**rabbi –ghrif īī**”.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, magpapatirapa tayo, at magluluwalhati tayo.

**19**

Ang Pagtindig Mula sa Pagkakapatirapa Magsasabi tayo ng: “Allāhu akbar” habang lumilipat mula sa pagkakapatirapa tungo sa pagtindig. Magsasagawa tayo ng ikaapat na rak`ah ayon sa paraang isinagawa natin sa unang rak`ah ngunit tayo ay bibigkas ng Al-Fātiḥah lamang.

- Magsasagawa tayo ng takbīr, aangat tayo, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos aangat tayo mula sa pagkakayukod tungo sa pagtindig habang tayo ay nagsasabi ng: “**Sami`a –Ilāhu liman ḥamidah** (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)”.
- Pagkatapos tutuwid tayo nang patayo habang nagsasabi ng: “**Rabbanā wa-laka –Iḥamd.** (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)”
- Magsasagawa tayo ng takbīr, bababa tayo para sa pagpapatirapa, at magluluwalhati tayo.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, uupo tayo, at dadalangin tayo ng: “**rabbi –ghrif īī**”.
- Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, magpapatirapa tayo, at magluluwalhati tayo.

- A** Angat tayo mula sa pagkakapatirapa habang tayo ay nagsasabi ng: **“Allāhu akbar”** at uupo tayo para sa tashahhud.
- B** Uupo tayo nang upong tawarruk. Ibig sabihin: uupo tayo sa kaliwang pigi, magtutukod tayo ng kanang paa gaya ng sa upong iftirāsh, at maglalabas tayo ng kaliwang paa mula sa ilalim ng kanang binti.
- C** Bibigkas tayo ng: **“Attaḥīyātu lillāhi...”** hanggang sa katapusan ng tashahhud. Pagkatapos bibigkas tayo ng Ṣalāh Ibrāhīmīyah: **“Allāhumma ṣalli `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā ṣallayta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd; Allāhumma bārik `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā bārakta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd.** (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)” Pagkatapos ibinibilang na sunnah na dumalangin tayo ng naging madali mula sa mga panalanging nasasaad tulad ng: **“Allāhumma innī a`ūdhu bika min `adhābi –Iqabri wa-min `adhābi jahannama wa-min fitnati –Imaḥyā wa-Imamāti wa-min sharri fitnati –Imasīhi –ddajjāl.** (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa pagdurusa sa Impiyerno, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa kasamaan ng tukso ng Bulaang Kristo.)”

Dadalangin tayo ng niloloob natin mula sa mga mabuti sa Mundo at Kabilang-buhay.





21 Ang **Taslīm Magsasabi** tayo ng: **“Assalāmu `alaykum wa-raḥamatu –llāh.** (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh.)” habang tayo ay naglilingon ng mukha natin lamang patungo sa kanan. Pagkatapos magsasabi tayo ng: **“Assalāmu `alaykum wa-raḥamatu –llāh.”** habang tayo ay naglilingon ng mukha natin lamang patungo sa kaliwa. Sa pamamagitan nito, tayo ay nakatapos na ng ṣalāh natin.



22 **Kabilang sa Sunnah para sa tagapagsagawa ng ṣalāh**, kapag nakapagsagawa siya ng taslīm, na umupo nang ilang minuto para humingi siya ng tawad kay Allāh (napakataas Siya) nang tatlong beses. Pagkatapos babanggit siya kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) sa pamamagitan ng nasaad na dhikr buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).





Papaano akong magdarasal ng ṣalāh na dalawahang rak`ah (may dalawang rak`ah) at tatluhang rak`ah (may tatlong rak`ah)?

- A** **Kapag ang ṣalāh ay dalawahang rak`ah gaya ng ṣalāh na fajr,** tunay na tayo ay uupo matapos ng dalawang patirapa ng ikalawang rak`ah para sa tashahhud at bibigkas tayo ng: “Attaḥīyātu lillāhi...” hanggang sa katapusan ng tashahhud. Pagkatapos bibigkas tayo ng Ṣalāh Ibrāhīmīyah. Pagkatapos magsasagawa tayo ng taslīm.
- B** **Kapag ang ṣalāh ay tatluhang rak`ah gaya ng ṣalāh na maghrib,** tunay na tayo ay uupo matapos ng dalawang patirapa ng ikatlong rak`ah para sa tashahhud at bibigkas tayo ng: “Attaḥīyātu lillāhi...” hanggang sa katapusan ng tashahhud. Pagkatapos bibigkas tayo ng Ṣalāh Ibrāhīmīyah. Pagkatapos magsasagawa tao ng taslīm.

Mga Pagtawag-pansin

- 1** Ang Upong Iftirāsh Ito ay sa tashahhud ng ṣalāh na dalawang rak`ah gaya ng ṣalāh sa fajr, jumu`ah, at dalawang `Td; sa unang tashahhud din ng ṣalāh na tatluhang rak`ah at apatang rak`ah; at sa pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa.
- 2** Ang Upong Tawarruk Ito ay sa huling tashahhud ng ṣalāh na tatluhang rak`ah at apatang rak`ah.
- 3** Walang maisisipi sa sinumang hindi nakakakaya ng pag-upong iftirāsh o tawarruk dahil sa kalakihan ng katawan niya o dahil sa pananakit sa mga paa niya o iba pa roon kapag umupo siya sa anumang paraang nakakaya niya.

Ang mga Tagapawalang-saysay sa Ṣalāh

1. Ang pagsira sa isang kundisyon mula sa mga kundisyon ng ṣalāh sa kabilang ng kakāyahan ng pagtupad doon.
2. Ang pag-iwan sa isang haligi mula sa mga haligi ng ṣalāh nang sadyaan.
3. Ang pag-iwan sa isang kinakailangan mula sa mga kinakailangan sa ṣalāh nang sadyaan.
4. Ang maraming paggalaw, ang pagsasalita, at ang paglalakad nang sadyaan nang walang pangangailangan doon.
5. Ang pagtawa at ang paghalakhak.
6. Ang pagkain at ang pag-inom nang sadyaan.

Ang pagkalimot at ang pagkalingat sa ṣalāh ay may mga patakaran na nararapat sa Muslim ang matuto ng mga ito.

Ang mga di-kanaisnais sa Sandali ng Ṣalāh

May mga gawaing hindi nakapagpapawalang-saysay sa ṣalāh dahil sa pagkagawa ng mga ito subalit ang mga ito ay di-kanaisnais sa ṣalāh kaya hindi nararapat para sa nagdarasal na gumawa ng mga ito. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. Ang paglingon ng mukha sa ṣalāh.
2. Ang pagkalikot ng anuman mula sa katawan, ang pagpapalagatok ng mga daliri, at ang pagsasalit-salit ng mga ito.
3. Ang pagsasagawa ng ṣalāh sa dako ng isang bagay na nakaabala sa nagdarasal sa ṣalāh.
4. Ang pagsasagawa ng ṣalāh kasabay ng pagpigil ng pag-ihi o pagdumi.
5. Ang pagkakasya sa Al-Fātiḥah sa unang dalawang rak`ah ng ṣalāh na isinatungkulin.
6. Ang pagsasagawa ng ṣalāh habang nakahain ang pagkain.
7. Ang pagbungkos ng damit sa ṣalāh.



Ang Ṣalāh ng Maysakit

Ang mga isinatungkuling ṣalāh ay hindi maaalis sa Muslim na nakapag-uunawa na umabot sa tamang gulang sa alinmang kalagayan mula sa mga kalagayan maliban sa babaing Muslim sa kalagayan ng pagreregla at nifās (pagdurugo bago o matapos manganak).

Kaya kinakailangan na magsagawa nito ang Muslim palagi at magpakailanman.

Subalit kapag nagkasakit ang Muslim at humirap sa kanya ang pagsasagawa ng ṣalāh, ano ang gagawin niya?

Bahagi ng awa ni Allāh (napakataas Siya) na Siya ay hindi nag-aatang sa isang tao ng higit sa kaya nito at kakāyahan nito. Kaya kapag nagkasakit ang Muslim at nawalan siya ng kakāyahan sa pagtindig sa ṣalāh, maaalis sa kanya ang pagkakailangan ng pagtayo sa isinatungkuling ṣalāh kaya magdarasal siya nang nakaupo at magsasagawa siya sa nalalabi sa mga haligi ng ṣalāh na nakakaya niya. Kung hindi niya makakaya ang yumukod at ang magpatirapa, magpapahiwatig siya ng mga ito. Ibig sabihin: yuyuko siya sa abot ng makakaya at gagawin niya ang pagyuko para sa pagpapatirapa na higit sa pagyuko para sa pagyukod. Kung makakaya niya ang pagyukod higit sa pagpapatirapa o ang kabaliktaran, gagawin niya ang makakaya niya at magpapahiwatig siya sa hindi niya nakakaya.

Kung hindi niya makakaya na magdasal nang nakaupo, magdarasal siya nang nakahiga sa tagiliran niya habang nakaharap kasama ng mukha niya sa qiblah sa abot ng makakaya at magpapahiwatig siya ng pagyukod at pagpapatirapa.

Kung hindi niya makakaya na magdasal nang nakahiga sa tagiliran niya, magdarasal siya nang nakatihaya habang ang mga paa niya ay nakatuon sa qiblah. Mag-aangat siya ng ulo niya kung makakaya niya at magpapahiwatig siya sa pamamagitan nito para sa pagyukod at pagpapatirapa.

Kung hindi niya makakaya na magpapahiwatig, maaalis sa kanya ang [tungkulin ng] pagpapahiwatig at maglalayon siya ng pagyukod at pagpapatirapa sa puso niya.

Kaya ang panuntunan sa ṣalāh ng maysakit ay na ang anumang makakaya niyang gawin kabilang sa mga kinakailangan ay gagawin niya o gagawin niya ang makakaya niya mula rito at ang anumang nawalan siya ng kakāyahan sa paggawa nito ay maaalis sa kanya ito.



Ang Ṣalāh ng Manlalakbay

Kabilang sa mga anyo ng pagpapagaan sa Islām ang pagpapagaan sa manlalakbay sa ṣalāh sapagkat tunay na isinasabatas para sa kanya ang pagpapaikli ng ṣalāh na apatang rak`ah: ang ḍuhr, ang `aṣr, at ang `ishā', sapagkat madarasal niya sa dalawang rak`ah lamang ang bawat ṣalāh mula sa tatlong ṣalāh na ito.



Ang mga Patakaran na Natatangi sa Babae sa Şalāh

Ang babae ay gaya ng lalaki nang lubusan sa mga patakaran ng şalāh maliban sa kaunting patakaran na natatangi sa babae bukod sa lalaki. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang şalāh ay naalis sa babae sa kalagayan ng pagrereglā at nifās at hindi kinakailangan sa kanya ang pagbabayad ng pagsasagawa nito matapos ng pagrereglā at nifās.
- Hindi kinakailangan sa babae ang pagdalo sa şalāh sa Jumu`ah.
- Hindi kinakailangan sa babae ang pagsasagawa ng isinatungkuling şalāh sa Jamā`ah (konggregasyon).
- Kinakailangan sa babae na magtakip ng buong katawan niya sa şalāh maliban sa mukha at mga palad.

Sa Pagwawakas

Humihiling tayo kay Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) na magtuon Siya sa atin at mga kapatid natin na mga Muslim tungo sa pagpapanatili sa dakilang haliging ito kabilang sa mga haligi ng Relihiyon sa paraang magpapalugod sa Kanya buhat sa atin. Dumadalangin tayo sa Kanya ng ipinanalangin sa Kanya ng matalik na kaibigan Niyang si Abraham (sumakanya ang pangangalaga): {Panginoon ko, gawin Mo ako na tagapagpanatili ng pagdarasal at ang [marami] kabilang sa mga supling ko, Panginoon Namin, at tanggapin Mo ang panalangin ko.} (Qur'ān 14:40)

Karagdagan dito, si Allāh ay pinakamaalam. Basbasan ni Allāh, pangalagaan Niya, at pagpalain Niya ang Lingkod Niya at Propeta Niyang si Muḥammad.







Mga Tanong Pampagsusuri

1 Maglagay ng tama o mali

- Ang ṣalāh ay isang pang-ugnay para sa tao sa Panginoon niya. Dito ay tumatayo siya sa harapan ni Allāh (napakataas Siya) bilang pagdakila at pagpipitagan.
- Ang pagpapabaya sa kataimtiman ay nakababawas sa pabuya ng ṣalāh.
- Ang ṣalāh ay kinakailangan sa bawat Muslim kahit pa man siya ay isang sumusuway na nagmalabis laban sa sarili niya sa mga pagkakasala.
- Ang tinutukoy ng qiblah ay ang dako ng Makkah.
- Matutumpak ang ṣalāh ng Muslim ng walang layunin.
- Ang pagbigkas ng Al-Fātiḥah ay isang haligi [ng ṣalāh] kaya hindi matutumpak ang ṣalāh nang wala nito para sa sinumang nakakakaya sa pagbigkas nito.
- Hindi maaalis ang [tungkulin sa] ṣalāh sa Muslim na nakapag-uunawa na umabot sa tamang gulang magpakailanman maliban sa babaing Muslim sa kalagayan ng pagrereglā at nifās (pagdurugo bago o matapos manganak).
- Isinasabatas para sa manlalakbay ang pagpapaikli sa dalawang rak`ah lamang ng ṣalāh na apat na rak`ah.

- Ang ṣalāh sa Jumu`ah at Jamā`ah ay hindi kinakailangan sa mga babae.
- Tutumpak ba ang ṣalāh ng nakaupo kapag nawalan siya ng kakāyahan sa pagtindig?
- Tutumpak ba na maglingon tayo ng mukha natin sa ṣalāh?
- Pinapayagan ba ang pagsasalita o ang pagkain sa ṣalāh?
- May nagdasal nang hindi nakaharap sa qiblah samantalang siya ay nakakakaya sa pag-alam niyon o pagtatanong tungkol doon, kaya matutumpak ba ang ṣalāh niya?
- Nagpatirapa siya at nag-angat siya ng mga daliri ng mga paa niya sa kabuuan ng mga ito palayo sa lapag, kaya tutumpak ba ang pagkapatirapa niya?



Mga Tanong Pampagsusuri

2 Sa unang rak`ah ng şalāh niya, nakalimot siya ng isang patirapa mula sa dalawang patira pagkatapos nakaalaala siya sa ikalawang rak`ah, kaya matutumpak ba ang unang rak`ah sa pamamagitan ng isang patirapa dahil siya naman ay nakalimot?

Oo Hindi

3 Pumili:

1. Ang mga şalāh na isinatungkulin sa Muslim sa araw at gabi ay

pito sampu lima

2. Kabilang sa mga kundisyon ng katumpakan ng şalāh

Ang ŧahārah Ang pagharap sa qiblah Ang layunin

Ang lahat ng naunang nabanggit

3. Kabilang sa mga panalanging naipaabot sa pagyukod ang:

Subĥāna rabbiya –l`a`lā

Subĥāna rabbiya –l`ađīm

Alĥamdu lillāhi rabbi –l`ālamīn

4. Ano ang gagawin natin matapos ng pagtindig mula sa tashahhud?

Magsasagawa tayo ng takbīr, tatayo tayo, bibigkas tayo ng Al-Fātiḥah.

Pagkatapos magsasagawa tayo ng takbīr, at magpapatirapa.

5. Nagdasal siya sa kabila ng pangangailangan niya sa pagtugon ng pangangailangan niya, ano ang hatol sa ṣalāh niya?

Di-kanaisnais

Ipinagbabawal

Pinapayagan



Mga Tanong Pampagsusuri

4 Kumpletuhin:

1. Ang pinakamainam sa mga pagsamba matapos ng Dalawang Pagsaksi ay.....
2. Ang ṣalāh na maghrib ay rak`ah at ang ṣalāh na ḍuhr naman ay rak`ah.
3. Ang ṣalāh ay sinisimulan natin sa pamamagitan ng takbīr at winawakasan natin sa pamamagitan ng
4. Kinakailangan sa babae na magtakip ng buong katawan niya sa ṣalāh maliban sa

5 Bumanggit ng tatlo mula sa mga kainaman ng ṣalāh.

.....

.....

6 Bumanggit ng isang patunay sa kahalagahan ng pagpapanatili ng ṣalāh.

.....

.....

.....

7 Banggitin ang sinasambit sa huling tashahhud.

.....

.....

.....

8 Ano ang panalanging naipaabot sa pagitan ng dalawang patirapa?

.....

9 Ano ang panalanging naipaabot sa pagkapatirapa?

.....

10 Bumanggit ng apat na kaparaanan na nakaaalalay sa kataimtiman sa şalāh.

.....

11 Ano ang mga isinatungkuling şalāh na apatang rak`ah?

.....

12 May lalaking umupo sa silya dahil siya ay hindi nakakakaya ng pag-upo sa iba pa sa silya, kaya matutumpak ba ang şalāh niya?

.....

13 Ang pagwaglit ng unang kinakailangang tashahhud nang sinasadya, ano ang hatol sa şalāh niya?

.....

Ang Ṣalāh: Ang Gawaing-pagsamba na Kapita-pitagan

Ang ṣalāh na ito na isinasagawa ng mga Muslim sa araw nila at gabi nila ay limang beses bilang tungkulin. Hindi sila nag-iiwan ng mga ito hanggat may natitira sa kanila na lakas at kakāyahan. Nag-iiwan sila alang-alang dito ng kaāyahan ng tulog at pagkaabala sa gawain. Ito ay gaya ng mainit na yakap ng ina, na dinudulugan ng munting bata sa tuwing pinahilakbot siya ng isang bagay. Ito ay ang pinakamatindi sa nararapat na magsigagig ang Muslim sa pagkakatuto rito at pagtuturo nito matapos ng paniniwala sa kaisahan ng Panginoon niya. Sa libritong ito ay may isang detalyadong pinadaling pagpapaliwanag sa paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh mula sa takbṛ hanggang sa taslīm kasama ng paglilinaw sa isang pangkatin ng mga patakarang nauugnay rito.

Maaari rin kayong manood ng pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh sa pamamagitan ng video material sa pamamagitan ng pag-swipe sa barcode.



رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ
حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ

4:25 / 13:42



Makipagtalakayan Tungkol sa Islam sa Ilang Wika



Para Mai-download ang Aklat at ang mga Iba pang Aklat sa Ilang Wika



Para sa Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Islām

Ang ṣalāh na ito na isinasagawa ng mga Muslim sa araw nila at gabi nila ay limang beses bilang tungkulin. Hindi sila nag-iiwan ng mga ito hanggat may natitira sa kanila na lakas at kakāyahan. Nag-iiwan sila alang-alang dito ng kaāyahan ng tulog at pagkaabala sa gawain. Ito ay gaya ng mainit na yakap ng ina, na dinudulugan ng munting bata sa tuwing pinahilakbot siya ng isang bagay. Ito ay ang pinakamatindi sa nararapat na magsigasig ang Muslim sa pagkakatuto rito at pagtuturo nito matapos ng paniniwala sa kaisahan ng Panginoon niya. Sa libritong ito ay may isang detalyadong pinadaling pagpapaliwanag sa paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh mula sa takbīr hanggang sa taslīm kasama ng paglilinaw sa isang pangkatin ng mga patakarang nauugnay rito.

Maaari rin kayong manood ng pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh sa pamamagitan ng video material sa pamamagitan ng pag-swipe sa barcode.



osoulcenter



www.osoulcenter.com

Para sa pag-download ng aklat na ito at iba pa ritong mga aklat sa pamamagitan ng Osoulstore:



OSOUL
STORE

osoulstore.com

